Buong Teksto

SAMPUNG MAGKAKAIBIGAN

Handog sa inyo ng Areté at Ateneo Basic Education, katuwang ang Adarna House, *Sampung Magkakaibigan*. Isinulat ni Kristine Kanon at babasahin para sa atin nina Reimar Panti at Mafe Trinidad.

May sampung magkakaibigan. Si Karlo at siyam niyang kaklase.

Si Ben na kay bagal, si Susie na madungis, si Leo, si Lara, si Karen, si Joo-chan na Koreano, ang kambal na sina Eric at Ella, at ang antuking si Anton.

Mahilig silang maglaro, mag-aral, at magtulungan. Pero minsan, si Karlo ay hindi masayang kasama.

"Belat!" ang tukso ni Karlo, nang maunahan niya sa pila ang babagal-bagal na si Ben. Umiling si Ben at lumayo kay Karlo.

"Kadiri ka, hindi kita bati!" sambit in Karlo nang napatabi siya kay Susie na madungis.

Di napansin ni Karlo ang mataas na tore ng bloke ni Leo. Bumagsak ang toreng gawa ni Leo. "Ha-ha-ha! Buti nga!" sabi niya kay Leo.

"Akin na 'yan!" Biglang agaw ni Karlo sa laruan ni Lara.

"Akin rin 'to" sabi ni Karlo, sabay agaw ng suman na kinakain ni Karen.

Nasagi rin ni Karlo ang kinakaing mami ni Joo-chan na Koreano pero hindi siya nag-sorry.

"Hindi ba kayo marunong sumunod sa laro? Huwag na nga kayong sumali!" ang sabi ni Karlo kina Eric at Ella pagkatapos siyang matalo sa pompiyang. At siya na ang susunod na taya sa taguan.

Sinubukang gisingin ni Karlo si Anton para makipaglaro. "Hoooyyy! Gising ka!" ang sigaw ni Karlo sa antuking si Anton. Pero hindi nagising si Anton. "Hindi kita bati!" sabi ni Karlo kay Anton kahit di siya naririnig nito.

Nag-iisa na lamang si Karlo.

Isang araw, pagdating ni Karlo sa paaralan, hinahanap niya ang kaniyang mga kaklase. Gusto sana niyang makipaglaro pero walang bata sa silid nila.

Wala rin ring bata sa palaruan.

Wala rin bata sa canteen.

Takang-taka si Karlo.

Nakita ni Karlo na masayang naglalaro ang kaniyang mga kaklase sa bakuran ng kanilang paaralan. Hindi naman sila dating naglalaro doon. Nakita nila si Karlo pero di nila ito inimbitahang makipaglaro sa kanila.

"Ikaw, gusto mo bang makipaglaro sa akin?"

Naiyak si Karlo nang naisip niya na walang gustong makipaglaro sa kaniya.

Ganito siguro kasamâ ang naramdaman ng mga kaklase niya kapag inaagawan niya sila ng laruan at baon. Ganito siguro kasakit ang pang-aaway at panunuksong ginagawa niya sa kanila.

Noon naisip ni Karlo na maging mas mabuting kaklase.

Kinabukasan, lumapit si Karlo kay Ben na kay bagal sa pila. "Mauna ka na sa akin sa pila," sabi ni Karlo kay Ben.

"Mahal kita!" sabi niya kay Susie na madungis, sabay halik dito.

"Hati tayo sa baon ko," Sabi ni Karlo kina Karen at Joo-chan noong recess.

Ipinahiram ni Karlo ang kaniyang bagong laruan kay Lara. "Ikaw muna ang maglaro tapos ako naman, ha?" sabi niya kay Lara.

Inanyayahan niya si Leo na gumawa ng mataas na tore ng bloke.

"Paano ba 'yang laro ninyo?Puwede ba akong sumali?" pakiusap ni Karlo kina Eric at Ella.

"Shhh. . . huwag tayong maingay, magigising si Anton," paalala ni Karlo.

May sampung magkakaibigan. Si Karlo at siyam niyang kaklase.

***

Pinagkuhanan: Sampung Magkakaibigan. Kristine Canon. Adarna House. 2008

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

Sa Ingles

The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck
The Lost Necklace
Why Cocks have Combs on their Head
The Light of the Fly
The Snail and the Dear

Sa Filipino

Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo
Ang Anting-anting ni Manuelito
Ang Gamugamo at Ang Liwanag

Adarna House: Children's Stories
Bakit Matagal ang Sundo ko?
Why is Mommy Late?
Asul na Araw
Blue Day
Ano'ng Gupit Natin Ngayon?
How would you like your haircut today?
Sampung Magkakaibigan
Ten Friends
Ang Pambihirang Sombrero
The Amazing Hat

Mga Kuwentong Pampasko:
The Poor Man who Became King
The Sultan with a Heart of Stone
Buking si Santa
Istatriray: Ang Bituing may Buntot
Alamat ng Puto-Bumbong
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

Tahanan Books:
Ang Babaeng Nahulog Mula sa Langit at Iba Pang Kuwenton-bayan
Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo

Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes:
Ang Pitong Tanga

PAGKILALA

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo Ricardo Abad	*Executive Producers*
D Cortezano	*Producer*
John Robert Yam	*Overall Sound Designer*
Harold André Santos	*Theme Music Composer*
Jethro Nibaten	*Episode Sound Designer*
John Robert Yam Nilo Beriarmente	*Sound Engineers*
Ivy Baggao	*Talent Coordinator and Production Associate*
Adriane Ungriano Rey Sotto Duane Ligot Justine Ray Santos Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	*Sound Design and Technical Team*
Vannessa Reventar	*Logistical Support*

Ross Du	*Illustrator*
Arielle Acosta Lazir Caluya	*Brand Developers*
Dreamlist Digital	*Web developers*

Ateneo de Manila Basic Education

Fr. Joaquin Jose Mari C. Sumpaico III SJ	*Vice President for Basic Education*

Ateneo Grade School

Fr. Emerito Salustiano R. de la Rama, SJ.	*Headmaster*
Jervy M. Robles	*Assistant Headmaster for Academic Affairs*
Pia Christina M. Navarette	*Coordinator for Kinder*
Reimar B. Panti Marife Luzel T. Trinidad	*Assistant Teacher* *Associate Teacher* *(Voice Actor for the Episode)*

Ateneo Junior High School

Jose Antonio P. Salvador	*Principal*
Genalyn S. Sanvictores	*Assistant Principal for Academic Affairs*
Paolo Ven B. Paculan	*Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino*
Kristine Ann P. Valdellon	*Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*

Ateneo Senior High School

Ma. Victoria P. Dimalanta	*Principal*
Luis Allan B. Melosantos	*Assistant Principal for Academic Affairs*